



# KNOW YOUR RIGHTS

## Rules for Sleep Time Deduction



Ang mga iba't ibang “Rules for Sleep Time Deduction” para sa mga live-in caregiver o nagtatrabaho ng 24-hour shift.



# KNOW YOUR RIGHTS

Rules for Sleep Time Deduction

Ako ay isang caregiver sa Board & Care Home.  
Maaari bang ibawas ng aking employer sa aking sweldo ang oras ng aking pagtulog?

*Oo. Ngunit hindi dapat lalagpas ng 8 oras ang ibabawas sa iyong sweldo at may mga kondisyon na dapat sundin bago mangyari ito.*

*Kung kinakailangan mong bumangon sa oras ng iyong tulog para asikasuhin ang iyong pasyente, dapat kang bayaran sa oras na iyon.*





# KNOW YOUR RIGHTS

Rules for Sleep Time Deduction

Ako ay isang live-in caregiver sa pribadong tahanan ng aking employer. Kinakailangan ko bang magtrabaho sa lahat ng panahon na nasa tahanan ako?

*Ikaw at ang iyong employer ay maaaring magkaroon ng kasunduan tungkol sa kung kailan ka “on duty” o “off duty”.*



*Nakasaad sa batas na kung ikaw ay nasa kontrol ng iyong employer at kinakailangan mong tugunan ang mga pangangailangan nito at hindi ka libreng makaalis ng tahanan, dapat kang mabayaran sa mga oras na ito.*

